


# ISANG PATNUBAY SA PAGBOTO SA CALIFORNIA

CALIFORNIA BUMOTO
www.sos.ca.gov

## Bakit boboto?

Ang mga halalan ay isang napakahalagang elemento ng ating demokrasya. Ang pagpapatala ng isang balota ay maaaring makapagbago sa direksiyon ng ating bansa, ating estado, at mga komunidad na tinitirahan natin. Ang inyong boto ay tumutulong na maghalal ng mga presidente, ating mga kinatawan sa Kongreso, ating lehislatura ng estado, mga miyembro ng konseho ng lungsod, mga hukom, at marami pang iba na ang mga desisyon ay may tuwirang epekto sa ating pang-araw-araw na buhay. Sa pamamagitan ng kahon ng balota, kayo ay may kapangyarihan ding tumulong na lumikha ng mga bagong batas o pawalang-bisa ang mga hindi ninyo sinasang-ayunan.


Ang karapatang bumoto ay matinding ipinaglaban. Ang mga babae, minoriya, at mga hindi nag-aari ng lupa ay pinagbawalang lahat na bumoto noong una sa kasaysayan ng ating bansa.  Noong 1911, ang mga babae ay nagkaroon ng karapatang bumoto sa California, siyam na taon bago ang karapatang bumoto ng mga babae ay iginarantiya sa ika-19 na Susog sa Saligang-batas ng U.S. 50 taon pa lamang ang nakalilipas, pinirmahan ni Presidente Lyndon Johnson ang Batas sa mga Karapatan sa Pagboto, isang napakahalagang pederal na batas na idinisenyo upang tanggalin ang mga hadlang sa paglahok sa proseso ng halalan para sa mga Aprikano Amerikano, at sa bandang huli, para sa ibang mga minoriyang lahi.  Tiniyak din ng mga beterano ng ating bansa na ang ating mga demokratikong prinsipyo, kabilang ang karapatang bumoto, ay napoprotektahan.

Sa pagpaparehistro para makaboto at pagpapatala ng isang balota sa Araw ng Halalan, ikaw ay may kapangyarihang palakasin ang ating demokrasya. Ang Kalihim ng Estado ng California ay nangangakong igalang ang pamana ng mga matapang na lumaban para sa ating demokrasya sa pamamagitan ng pagprotekta sa inyong karapatang bumoto.

Ang patnubay na ito ay naglalarawan sa marami sa mga karapatan at responsibilidad ng mga botante at nagkakaloob ng mahahalagang impormasyong kailangan ninyo upang makaboto at iparinig ang inyong tinig.

(Binago 2/2021)

## Maaari ba akong magparehistro para makaboto?




Upang pagparehistro para makaboto sa California, ikaw ay dapat na:

- Isang mamamayan ng Estados Unidos;
- Isang residente ng California;
- 18 taong gulang o mas matanda sa Araw ng Halalan;
- Hindi kasalukuyang nakakulong sa piitan ng estado o pederal dahil nahatulan sa isang krimen, at
- Kasalukuyang hindi natukoy ng isang hukuman na walang kakayahan ang isipan para bumoto

## Paano ako magpaparehistro para bumoto?

Maaari mong bisitahin ang **RegisterToVote.ca.gov** o tawagan ang Nakahandang Linya sa Botante ng Kalihim ng Estado sa **(800) 345-VOTE (8683)**.

Ang mga aplikasyon para sa pagpaparehistro ng botante ay ipinagkakaloob sa maraming lugar sa buong estado:

- Mga opisina sa mga halalan ng county o mga tanggapan ng lungsod
- Mga sentro o satelayt na opisina (kung saan angkop)
- Mga pampublikong aklatan
- Mga tanggapan ng koreo
- Mga opisina ng Kagawaran ng mga Sasakyang De-motor
- Mga opisina ng mga serbisyong panlipunan ng estado at county
- Mga opisina ng mga serbisyong pangkalusugan ng isip
- Mga opisina ng Kagawaran ng Rehabilitasyon
- Mga Sentro ng Independiyenteng Pamumuhay
- Mga Panrehiyong Sentro ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pagpapaunlad
- Mga opisina ng distrito ng Lupon ng Prankisya ng Buwis
- Mga opisina ng pagkalap ng Sandatahang Lakas

Kung ikaw ay may kard ng pagkakakilanlan ng California o lisensiya sa pagmamaneho dapat mong ibigay ang numero sa iyong aplikasyon para sa pagpaparehistro bilang botante. Kung wala ka ng isa ng dalawang uring iyon ng pagkakakilanlan, ibigay ang huling apat na bilang ng iyong numero ng social security. Kung wala kang numero ng social security, itatalaga sa iyo ang isang walang-katulad na numero ng pagkakakilanlan para sa mga layunin ng pagboto lamang.

## Kailan ako dapat magparehistro para makaboto?

Habang maaari kang magparehistro para makaboto o muling magparehistro kahit kailan, sa karamihan ng mga kaso dapat kang magparehistro para makaboto nang hindi bababa sa 15 araw bago ang isang araw ng halalan upang maging karapat-dapat bumoto sa halalang iyon. Pagkalampas ng huling araw, kakailanganin mong pumunta sa opisina sa mga halalan ng iyong county o isang lokasyon ng botohan upang kumpletuhin ang "kaparehong-araw" na proseso ng pagpaparehistro ng botante upang magparehistro at bumoto. Ang prosesong ito ay tinatawag na isang may-kondisyong pagpaparehistro ng botante (CVR). Sa sandaling mapatibayan ng opisyal sa mga halalan ng iyong county ang iyong pagpaparehistro bilang botante, ang iyong balota ay ipoproseso at isasama sa pagbilang.

Dapat kang muling magparehistro para makaboto kung ikaw ay lumipat, nagpalit ng pangalan o gustong palitan ang iyong kinakatigang partidong pampulitika. Ang pinakamadaling paraan upang isapanahon ang iyong pagpaparehistro ay online sa **RegisterToVote.ca.gov**.

Kontakin ang opisyal sa mga halalan ng iyong county o bisitahin ang **sos.ca.gov** para sa karagdagang impormasyon.

## Paano ko papalitan ang aking kinakatigang partidong pampulitika?



Maaari mong piliin ang isa sa mga kuwalipikadong partidong pampulitika ng California kapag magpaparehistro ka para makaboto. Ang pagpili sa isang kinakatigang partidong pampulitika ay tumitiyak na makakaboto ka para sa mga kandidatong iyon sa isang pampanguluhag primaryang halalan.

Maaari mo ring ipabatid sa iyong aplikasyon para sa pagpaparehistro ng botante na hindi mo gustong pumili ng isang partidong pampulitika, na nangangahulugang ikaw ay irerehistro bilang isang botanteng Walang Kinakatigang Partido (NPP). Sa mga pampanguluhang primaryang halalan, ang ilang partidong pampulitika ay nagpapahintulot sa mga botanteng NPP na tumulong na piliin ang kanilang mga kandidato. Sa lahat ng halalan, ang mga botanteng NPP ay maaaring bumoto para sa mga panukala sa balota at mga kadidatong tumatakbo para sa mga katungkulang pangkongreso ng U.S., ayon sa saligang-batas ng estado, pambatasan ng estado, lokal, at di-partidistang mga katungkulan.

## Paano gumagana ang mga pambuong-estadong primarya at pangkalahatang halalan?

Ang isang primaryang halalan ay nagpapasiya kung aling mga kandidato ang iminungkahing sumulong sa isang pangkalahatang halalan, ginaganap ilang buwan pagkaraan. Ang mga katungkulang pangkongreso ng U.S., ayon sa saligang-batas ng estado, at mga katungkulang pambatasan ng estado ay kilala bilang iminumungkahi-ng-botante na mga katungkulan. Sa isang primaryang halalan, lahat ng kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-botante na mga katungkulan ay nakalista sa isang balota. Sinumang botante ay maaaring bumoto para sa isang kandidato sa bawat labanan, anuman ang partidong pampulitika ng botante o kandidato. Ang nangungunang-dalawang

kandidato, anuman ang kinakatigang partido, na nakatanggap ng pinakamaraming boto sa bawat primaryang labanan ay sumusulong sa pangkalahatang halalan. Pagkatapos ng isang nangungunang-dalawang primarya, ang isang pangkalahatang halalan ay dapat ganapin kahit na ang isang kandidato ay tumanggap ng mayoriya ng mga boto (hindi bababa sa 50 porsiyento +1) at kahit iisa lamang ang kandidato sa primaryang halalan.

Itong nangungunang-dalawang sistema ng primarya ng California ay hindi ginagamit sa mga kandidatong tumatakbo para Presidente ng U.S., sa komite sentral ng county, o mga lokal na opisina.

## Paano gumagana ang mga Pampanguluhang Primaryang Halalan?

Para sa mga pampanguluhang primaryang halalan, ang iyong partidong pampulitika ay nakakaapekto sa kung aling mga kandidato ang maiboboto para sa katungkulan ng Presidente ng U.S. Kung ikaw ay nakarehistro sa isang partidong pampulitika, makakaboto ka lamang para sa mga pampanguluhang kandidato ng partido sa isang primaryang halalan.

Gayunman, ang ilang partido ay nagpapahintulot sa mga botanteng nakarehistrong Walang Kinakatigang Partido na bumoto para sa kanilang mga pampanguluhang kandidato sa isang primaryang halalan. Ang mga botanteng Walang Kinakatigang Partido ay dapat humiling ng isa sa mga balotang ito ng "pagtawid" mula sa opisyal sa mga halalan ng kanilang county o sa mga botohan kung nais nilang bumoto para sa isang pampanguluhang kandidado ng partido.


Bisitahin ang **howtovoteforpresident.sos.ca.gov** para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano dapat lumahok sa pampanguluhang primarya ng California.

## Ako ba ay nakarehistro para makaboto?

Upang alamin ang katayuan ang iyong pagpapaparehistro bilang botante, bisitahin ang **voterstatus.sos.ca.gov** o tawagan ang opisina sa mga halalan ng iyong county.

## Makakaboto ba ako sa pamamagitan ng koreo?

Oo, sinumang nakarehistrong botante ay makakaboto sa pamamagitan ng koreo nang permanente o para sa isang halalan. Ikaw ay maaaring permanenteng magparehistro para makatanggap ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo para sa bawat halalan kapag kinukumpleto ang iyong aplikasyon para sa pagpapaparehistro ng botante. Kung ikaw ay hindi nakarehistro para permantenteng bumoto sa pamamagitan ng koreo, dapat kang humiling ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo mula sa



opisina sa mga halalan ng iyong county nang hindi bababa sa pitong araw bago ang isang araw ng halalan. Kumpletuhin ang aplikasyon para sa balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa patnubay na impormasyon para sa botante ng iyong county, hanapin ito sa pamamagitan ng pagbisita sa **sos.ca.gov**, o kontakin ang opisina sa mga halalan ng iyong county. Maaari mo ring isulat ang iyong kahilingan kabilang ang iyong pangalan, ang direksiyon kung saan ka nakatira, ang direksiyon kung saan gusto mong matanggap ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, iyong pirma, at ang pangalan at petsa ng halalan kung saan gusto mong bumoto sa pamamagitan ng koreo.

Upang malaman kung ikaw ay nakarehistro na para makaboto sa pamamagitan ng koreo, bisitahin ang **voterstatus.sos.ca.gov** o kontakin ang opisina sa mga halalan ng iyong county.

Ang mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay maaaring ibalik:

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Ang iyong binotohang balota ay dapat na may tatak ng koreo sa o bago ang Araw ng Halalan at natanggap ng opisina sa mga halalan ng iyong county nang hindi mas huli kaysa tatlong araw pagkaraan ng Araw ng Halalan.
- **Nang personal:** Maaari mong ihatid ang iyong binotohang balota sa opisina sa mga halalan ng iyong county, sa isang kahong hulugan ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, sa isang lokasyon ng hatiran ng balota ng pagboto sa pamamagitan koreo, sa sentro ng pagboto, o sa alinmang lugar ng botohan sa loob ng estado bago ang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan.

**04**

★

## Masusubaybayan ko ba ang katayuan ng aking balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo?

Ang Kalihim ng Estado ay nagtatag ng isang sistema na maaaring gamitin ng mga opisyal sa mga halalan ng county upang pahintulutan ang mga botante ng pagboto sa pamamagitan ng koreo na magpatala upang tumanggap ng mga paunawa sa pamamagitan ng koreo, teksto, o boses na mensahe tungkol sa katayuan ng kanilang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kalahok na county at paano dapat magpatala, bisitahin ang **www.sos.ca.gov/elections/ballottracking**.



## Maaari ba akong magpatala upang permanenteng bumoto sa pamamagitan ng koreo?

Oo, sinumang nakarehistro botante ay maaaring humiling na permanenteng bumoto sa pamamagitan ng koreo at awtomatikong tumanggap ng isang ipinakoreong balota para sa bawat halalan. Maaari mong kanselahin ang iyong katayuan bilang permanenteng botante ng pagboto sa pamamagitan ng koreo kahit kailan. Kakanselahin lamang ng opisyal sa mga halalan ng iyong county ang iyong katayuan para sa permanenteng pagboto sa pamamagitan ng koreo kapag hiniling mo o kung hindi ka bumoto sa apat na magkakasunod na pambuong-estadong pangkalahatang halalan.

## Paano ko magagawang magparehistro at bumoto kung ako ay isang botanteng militar o nasa ibang bansa?

**Pagpaparehistro para Makaboto:**

Ang mga botanteng militar o nasa ibang bansa ay maaaring magparehistro para makaboto gamit ang alinmang paraan: (1) ang online na porma ng Kalihim ng Estado sa **RegisterToVote.ca.gov**; (2) ang Online Assistant ng Pederal na Programang Tulong sa Pagboto (FVAP) sa **fvap.gov/california**; o (3) ang Aplikasyon para sa Pederal na Federal Post Card (FPCA), na makukuha sa **fvap.gov/uploads/FVAP/Forms/fpca2013.pdf**. Tatanggapin ng mga opisyal sa mga halalan ng county ang mga FPCA sa pamamagitan ng koreo o fax.



**Paghiling ng isang Balota:**

Kahit na ikaw ay nakarehistro o dating nakarehistro para makaboto sa iyong county, upang matanggap ang iyong mga materyal sa halalan at bumoto kapag ikaw ay wala sa iyong county habang naglilingkod at/o naninirahan sa ibang bansa, kailangan mong mag-aplay para sa isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa pamamagitan ng pagpaparehistro online sa **RegisterToVote.ca.gov** o sa pamamagitan ng pagkumpleto ng FPCA sa **fvap.gov**, gaya ng nakadetalye sa itaas.

**Pagbabalik ng isang Binotohang Balota:**

Ang impormasyon tungkol sa pagbabalik ng balota, kabilang ang paraan para sa pagsumite ng mga balota, para sa bawat county sa California ay nakalista sa website ng Kalihim ng Estado sa **sos.ca.gov/elections/voter-registration/vote-mail/#military**. Ang mga binotohang balota ay hindi maaaring ibalik sa pamamagitan ng email.

## Paano ako makakaboto kapag ako ay nasa kolehiyo?

Bilang isang mamamayan ng California na malayo sa bahay habang nag-aaral sa kolehiyo, makakapili kang magparehistro para makaboto gamit ang iyong direksiyon ng tirahan o iyong direksiyon ng kolehiyo. Kapag nagpaparehistro para makaboto, magagawa mong tukuyin ang direksiyon kung saan nais mong magparehistro at makakahiling ka na ipadala sa iyo ang isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo habang nasa kolehiyo.

## Paano ko malalaman kung ano ang makikita sa aking balota?

**Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Estado:**

Ang Opisyal na Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Kalihim ng Estado ay ipinakokoreo sa sambahayan ng bawat botante ilang linggo bago ang Araw ng Halalan. Itong di-partidistang patnubay ay may mga detalye tungkol sa mga pambuong-estadong panukala sa balota, ilang kandidato, at mga karapatan ng botante. Ang mga patnubay ay ipinagkakaloob sa 10 wika: Ingles, Tsino, Hindi, Hapon, Khmer, Koreano, Espanyol, Tagalog, Thai, at Biyetnamis.  Ang patnubay ay makikita rin online sa **voterguide.sos.ca.gov**.

Ang Ingles, di-Ingles, audio, at malalaking letra na mga patnubay ay maaaring maorder nang libre sa pamamagitan ng pagtawag sa Nakahandang Linya ng Kalihim ng Estado sa **(800) 345-VOTE (8683)**, o sa pamamagitan ng pagbisita sa **sos.ca.gov**.



**Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County:**

Ang mga opisyal sa mga halalan ng county ay nagpapakoreo ng isang patnubay na impormasyon para sa botante ng county sa bawat nakarehistrong botante. Ipinakikita ng patnubay na ito ang magiging anyo ng iyong balota at kabilang ang impormasyon tungkol sa mga lokal na kandidato, mga lokal na panukala sa balota, direksiyon ng iyong lugar ng botohan, isang aplikasyon para sa balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, at iba pa. Ang patnubay ay maaari ring maglarawan kung paano makakaboto ang mga botanteng may kapansanan nang pribado at independiyente.

**Paano ako makakaboto nang maaga?**

Ang mga mamamayan ng California ay makakaboto ng maaga sa opisina sa mga halalan ng kanilang county simula sa 29 araw bago ang isang halalan. Ang iyong county ay maaaring may mga sentro ng pagboto at satelayt na lokasyon na nag-aalay ng maagang pagboto. Para sa isang listahan ng mga lokasyon ng maagang pagboto, mga sentro ng pagboto, at mga kahong hulugan ng balota, bisitahin ang **caearlyvoting.sos.ca.gov**.

## Paano ako dapat bumoto sa isang lugar ng botohan?

**Hanapin ang Iyong Lugar ng Botohan:**

Kapag natanggap mo sa koreo ang iyong patnubay na impormasyon para sa botante ng county bago ang bawat halalan, ang iyong lugar ng botohan ay makikitang nakalista sa panlikod na pabalat. Kung hindi mo natanggap ang iyong patnubay, kontakin ang opisina sa mga halalan ng iyong county. Mahahanap mo ang iyong lugar ng botohan sa pamamagitan ng pagbisita sa **voterstatus.sos.ca.gov**, pagtawag sa Nakahandang Linya para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa **(800) 345-VOTE (8683)**, o pag-text sa salitang "Vote" sa GoVote **(468-683)**.

**Sa Iyong Lugar ng Botohan:**

Ang mga botohan ay bukas sa California mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan. Sa iyong lugar ng botohan, magpapatala ka sa isang manggagawa sa botohan at ipaliliwanag niya ang proseso ng pagpapatala ng iyong balota. Ang manggagawa sa botohan ay magbibigay sa iyo ng isang papel na balota, walang-katulad ng passcode, o kard ng memorya ng computer, depende sa sistema ng pagboto na ginagamit ng iyong county. Kung ikaw ay hindi pamilyar sa pagmarka sa isang balota o nakagawa ng pagkakamali sa iyong balota, humingi ng mga tagubilin sa isang manggagawa sa botohan.

**Sa isang Sentro ng Pagboto:**

Ang ilang county ay gumagamit ng mga sentro ng pagboto. Ang mga sentro ng pagboto ay mananatiling bukas hanggang 10 araw bago ang Araw ng Halalan at katulad ng mga lugar ng botohan. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **voterschoice.sos.ca.gov** o kontakin ang opisina sa mga halalan ng iyong county.





## Paako kung ako ay may kapansanan o nangangailangan ng tulong para makaboto?

Kung kailangan mo ng tulong sa pagmarka ng iyong balota, maaari kang pumili ng isa o dalawang tao na tutulong sa iyo sa kondisyon na ang sinuman sa mga ito ay hindi iyong tagapag-empleyo, ahente ng iyong ahente, lider ng iyong unyo ng paggawa, o ahente ng iyong unyon ng paggawa.

**Mga Botanteng May Kapansanan:**

Ang mga pang-estado at pederal na batas ay nag-aatas na ang mga lugar ng botohan at mga sentro ng pagboto ay pisikal na mapupuntahan ng mga botanteng may kapansanan. Ang mga opisyal sa mga halalan ng county ay nagsusuri sa bawat lugar at madalas na gumagawa ng mga pansamantalang pagbabago sa mga lugar para sa Araw ng Halalan. Bawat taong nagtatrabaho sa isang lugar ng botohan o sentro ng pagboto ay sinanay sa mga batas sa halalan at sa mga karapatan ng mga botanteng may kapansanan.

Bilang karagdagan, ang pang-estado at pederal na mga batas ay nag-aatas na ang lahat ng botante ay magkaroon ng kakayahan na ipatala ang kanilang mga balota nang pribado at independiyente. Ang bawat lugar ng botohan o sentro ng pagboto ay dapat magtaglay ng isang makina sa pagboto na nagpapahintulot sa mga botante, kabilang ang mga bulag o may kapansanan sa paningin, na magpatala ng isang balota nang walang tulong. Ang makina sa pagboto ay nagpapahintulot sa iyo na maberipika ang iyong mga piniling iboto at, kung may pagkakamali, pahintulutan ka na itama ang mga piniling ito bago isumite ang iyong pinal na balota.

Kung ang pagboto sa gilid ng bangketa ay magagawa, maaari kang makalapit hanggang posible sa lugar ng pagboto at ang isang opisyal sa mga halalan ay magdadala sa iyo ng mga materyal sa pagboto. Kontakin ang opisina sa mga halalan ng iyong county upang malaman kung ang pagboto sa gilid ng bangketa ay magagawa.

Ang ilang county ay nag-aalay ng mapupuntahang opsiyon na tinatawag na RAVBM (magagawa sa malayo na pagboto sa pamamagitan ng koreo). Ang RAVBM ay nagpapahintulot sa mga botanteng may kapansanan na matanggap ang kanilang mga balota sa bahay at markahan ang mga ito nang independiyente at pribado bago ipadala ang mga ito pabalik sa mga opisyal sa mga halalan. Kontakin ang opisyal sa mga halalan ng iyong county upang malaman kung ang opsiyong ito ay iniaalay sa iyong county.

**Tulong sa Wika:**

Ang Kalihim ng Estado at mga opisina sa mga halalan ng county ay nag-aalay ng maraming magkakaibang materyal na may kaugnayan sa halalan at tulong sa mga wikang saklaw sa ilalim ng pederal na Batas sa mga Karapatan sa Pagboto. Ang mga saklaw na wika ay maaaring mag-iba batay sa county pero maaaring kabilang ang: Tsino, Hindi, Hapon, Khmer, Koreano, Espanyol, Tagalog, Thai, at Biyetnamis. Kontakin ang opisyal sa mga halalan ng iyong county para sa karagdagang impormasyon.

## Kailangan ko bang magpakita ng pagkakakilanlan kapag boboto?

Sa karamihan ng mga kaso, ang mga botante ng California ay hindi inaatasan na magpakita ng pagkakakilanlan bago sila bumoto. Kung ikaw ay boboto sa unang pagkakataon pagkatapos magparehistro sa pamamagitan ng koreo at hindi nagbigay ng iyong numero ng pagkakakilanlan sa California, ng iyong numero ng lisensiya sa pagmamaneho, o ng huling apat na bilang ng iyong numero ng social security sa aplikasyon para sa pagpaparehistro, maaaring hingan ka ng isang porma ng pagkakakilanlan pagpunta mo sa mga botohan. Tiyakin na magdala ng pagkakakilanlan sa mga botohan o magsama ng isang kopya nito sa iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Para sa isang kumpletong listahan ng mga tinatanggap na porma ng pagkakakilanlan, kontakin ang opisyal sa mga halalan ng iyong county o basahin ang "Mga Iniaatas na ID SA Lugar ng Botohan" sa **sos.ca.gov/elections/hava-id-standards/**.

## Paano kung ang aking pangalan ay wala sa listahan sa lugar ng botohan?

Kung ang iyong pangalan ay wala sa listahan ng botante sa lugar ng botohan, may karapatan kang botohan ang isang pansamantalang balota.

Sa California, ang mga pansamantalang balota ay nagsisilbing isang ligtas na paraan ng pagtiyak na ang lahat ng botante na nagpakita sa mga botohan ay maaaring magpatala ng isang balota. Lahat ng pansamantalang balota ay maingat na sinusuri ng mga opisyal sa mga halalan ng county upang kumpirmahin na ang taong bumoto nang pansamantala ay nakarehistro at hindi nagpatala ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo o sa ibang lugar ng botohan sa Araw ng Halalan. Malalaman mo kung ang iyong pansamantalang balota ay ibinilang at, kung ito ay hindi ibinilang, ang dahilan kung bakit, sa pamamagitan ng pagbisita sa **voterstatus.sos.ca.gov.**



## Paano pinoprotektahan ng California ang ating mga halalan?

Ang mga opisyal sa mga halalan ng California ay gumagawa ng maraming hakbang upang matiyak ang katumpakan at integridad ng ating mga halalan.

Ang California ay may mga pinakamataas na pamantayan sa sertipikasyon para sa mga sistema ng pagboto sa bansa. Ang mga bagong sistema ng pagboto na nag-aaplay para sa sertipikasyon sa California ay dumaraan sa maraming buwan ng pagsubok, kabilang ang pagsubok ng pagganap, pagsusuri ng source code, pagsubok ng seguridad ng pulang pangkat na kabilang ang mga ekspertong nagtatangkang "pumasok" sa sistema ng pagboto, at pagsubok din sa kadaliang gamitin at dami. Sinusubok ng mga opisyal sa mga halalan ng county ang kanilang mga sistema para sa lohika at katumpakan bago ang bawat halalan.

Sa isang dekada, ang Calfironia ay nag-atas na ang bawat balota ay papel o may isang mapapatibayan ng botante na papel ng pagtunton sa pagsusuri. Ang mga opisyal sa mga halalan ay nagsasagawa ng isang manwal na pagsusuri ng isang sapalarang 1% ng mga balota pagkatapos ng bawat halalan upang matiyak na tama ang pagganap ng mga makina sa pagbilang ng boto.

## Ano ang Batas sa Pagpili ng Botante?

Ang Batas sa Pagpili ng Botante (VCA) ng California ay isang modelo ng halalan na nagkakaloob ng mas maraming opsiyon sa mga botante sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa kanila na pumili kung kailan, saan, at paano ipapatala ang kanilang balota. Sa mga county ng VCA, lahat ng nakarehistrong botante ay tumatanggap ng kanilang balota sa koreo ilang linggo bago ang halalan at may iba't ibang opsiyon kung paano nila ipatatala ang kanilang balota. Ang mga botante ay maaaring magbalik ng kanilang balota sa pamamagitan ng koreo, sa mga kahong hulugan ng balota, mga lokasyong hatiran ng balota, o nang personal sa alinmang sentro ng pagboto. Ang mga sentro ng pagboto ay nag-aalay ng mga oportunidad sa maagang pagboto at mga pinahusay na serbisyo simula sa 10 araw bago ang Araw ng Halalan.

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa Batas sa Pagpili ng Botante at upang malaman kung ang iyong county ay kalahok, bisitahin ang **voterschoice.sos.ca.gov**.

## BATAS sa mg KARAPATAN ng BOTANTE

### IKAW AY MAY MGA SUMUSUNOD NA KARAPATAN

1. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay:
   - isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
   - hindi kukulangin sa 18 taong gulang
   - nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
   - Hindi kasalukuyang nakakulong sa piitan ng estado o pederal dahil nahatulan sa isang krimen
   - hindi kasalukuyang ipinasiya ng isang hukuman bilang walang kakayahan ang isipan para bumoto
2. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.** Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
3. **Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga lugar ng botohan.**
4. **Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
5. **Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong:
   **Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang lugar ng botohan** ng isang bagong balota,
   **Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong lugar ng botohan, o
   **Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota.**
6. **Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong tagapag-empleyo o kinatawan ng unyon.
7. **Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang lugar ng botohan** sa California.
8. **Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
9. **Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
10. **Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan** sa isang opisyal sa mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.

## Mga Opisina sa mga Halalan ng County

**Alameda**
1225 Fallon St, Rm G-1
Oakland, CA 94612
(510) 272–6933

**Alpine**
P.O. Box 158
99 Water St
Markleeville, CA 96120
(530) 694–2281

**Amador**
810 Court Street
Jackson, CA 95642-2132
(209) 223–6465

**Butte**
25 County Center Dr, Suite I
Oroville, CA 95965
(530) 538–7761

**Calaveras**
Government Center
891 Mountain Ranch Rd
San Andreas, CA 95249
(209) 754–6376

**Colusa**
546 Jay St, Suite 200
Colusa, CA 95932
(530) 458–0500

**Contra Costa**
P.O. Box 271
555 Escobar Street
Martinez, CA 94553
(925) 335–7800

**Del Norte**
981 H St, Rm 160
Crescent City, CA 95531
(707) 465–0383

**El Dorado**
P.O. Box 678001
2850 Fairlane Ct
Placerville, CA 95667
(530) 621–7480

**Fresno**
2221 Kern St
Fresno, CA 93721
(559) 600–8683

**Glenn**
516 W Sycamore St
Willows, CA 95988
(530) 934–6414

**Humboldt**
3033 H St, Rm 20
Eureka, CA 95501
(707) 445–7481

**Imperial**
County Admin. Center
940 W Main St, Rm 206
El Centro, CA 92243
(442) 265–1060

**Inyo**
P.O. Drawer F
168 N Edwards St
Independence, CA 93526
(760) 878–0224

**Kern**
1115 Truxtun Ave
Bakersfield, CA 93301
(661) 868–3590

**Kings**
1400 W Lacey Blvd
Hanford, CA 93230
(559) 852–4401

**Lake**
255 N Forbes St
Lakeport, CA 95453
(707) 263–2372

**Lassen**
220 S Lassen St, Ste 5
Susanville, CA 96130
(530) 251–8217

**Los Angeles**
P.O. Box 1024
[w/ zip 90651]
12400 Imperial Highway
Norwalk, CA 90650
(800) 815–2666

**Madera**
200 West 4th Street
Madera, CA 93637
(559) 675–7720

**Marin**
P.O. Box E [w/ zip 94913]
3501 Civic Center Dr, Rm 121
San Rafael, CA 94903
(415) 473–6456

**Mariposa**
P.O. Box 247
4982 10th St
Mariposa, CA 95338
(209) 966–2007

**Mendocino**
501 Low Gap Rd, Rm 1020
Ukiah, CA 95482
(707) 234–6819

**Merced**
2222 M St, Rm 14
Merced, CA 95340
(209) 385–7541

**Modoc**
108 E Modoc St
Alturas, CA 96101
(530) 233–6205

**Mono**
P.O. Box 237
Annex I,
74 N. School St
Bridgeport, CA 93517
(760) 932–5537

**Monterey**
P.O. Box 4400
[w/ zip 93912]
1370 S Main Street #B
Salinas, CA 93901
(831) 796–1499

**Napa**
900 Coombs St, Rm 256
Napa, CA 94559
(707) 253–4321

**Nevada**
950 Maidu Avenue
Nevada City, CA 95959
(530) 265–1298

**Orange**
P.O. Box 11298
[w/ zip 92711]
1300 S Grand Ave, Bldg C
Santa Ana, CA 92705
(714) 567–7600

**Placer**
P.O. Box 5278
[w/ zip 95604]
2956 Richardson Dr
Auburn, CA 95603
(530) 886–5650

**Plumas**
520 Main St, Rm 102
Quincy, CA 95971
(530) 283–6256

**Riverside**
2724 Gateway Dr
Riverside, CA 92507
(951) 486–7200

**Sacramento**
7000 65th St
Sacramento, CA 95823
(916) 875–6451

**San Benito**
440 Fifth St, Rm 206
Hollister, CA 95023
(831) 636–4016

**San Bernardino**
777 E Rialto Ave
San Bernardino, CA 92415
(909) 387–8300

**San Diego**
P.O. Box 85656
[w/ zip 92186]
5600 Overland Ave
San Diego, CA 92123
(858) 565–5800

**San Francisco**
1 Dr Carlton B Goodlett Pl, Rm 48
San Francisco, CA 94102
(415) 554–4375

**San Joaquin**
P.O. Box 810
[w/ zip 95201]
44 N San Joaquin St, Ste 350
Stockton, CA 95202
(209) 468–2885

**San Luis Obispo**
1055 Monterey St, D-120
San Luis Obispo, CA 93408
(805) 781–5228

**San Mateo**
40 Tower Rd
San Mateo, CA 94402
(650) 312–5222

**Santa Barbara**
P.O. Box 61510
[w/ zip 93160]
4440—A Calle Real
Santa Barbara, CA 93110
(805) 568–2200

**Santa Clara**
PO Box 611360
[w/ zip 95161]
1555 Berger Dr, Bldg 2
San Jose, CA 95112
(408) 299–8683

**Santa Cruz**
701 Ocean St, Rm 210
Santa Cruz, CA 95060
(831) 454–2060

**Shasta**
P.O. Box 990880
[w/ zip 96099]
1643 Market St
Redding, CA 96001
(530) 225–5730

**Sierra**
100 Courthouse Sq, Ste 11
P.O. Drawer D
Downieville, CA 95936
(530) 289–3295

**Siskiyou**
510 North Main St
Yreka, CA  96097
(530) 842–8084

**Solano**
675 Texas St, Ste 2600
Fairfield, CA 94533
(707) 784–6675

**Sonoma**
P.O. Box 11485
[w/ zip 95406]
435 Fiscal Dr
Santa Rosa, CA 95403
(707) 565–6800

**Stanislaus**
1021 "I" St, Ste 101
Modesto, CA 95354
(209) 525–5200

**Sutter**
1435 Veterans Memorial Cir
Yuba City, CA 95993
(530) 822–7122

**Tehama**
P.O. Box 250
444 Oak St, Rm C
Red Bluff, CA 96080
(530) 527–8190

**Trinity**
P.O. Box 1215
11 Court St
Weaverville, CA 96093
(530) 623–1220

**Tulare**
5951 S Mooney Blvd
Visalia, CA 93277
(559) 624–7300

**Tuolumne**
2 S Green St
Sonora, CA 95370
(209) 533–5570

**Ventura**
800 S Victoria Ave, L-1200
Ventura, CA 93009
(805) 654–2664

**Yolo**
P.O. Box 1820
[w/ zip 95776]
625 Court St, Rm B05
Woodland, CA 95695
(530) 666–8133

**Yuba**
915 8th St, Ste 107
Marysville, CA 95901
(530) 749–7855

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagboto at mga halalan, tumawag sa (800) 345-VOTE (8683) o bisitahin ang www.sos.ca.gov.

TTY/TDD (800) 833-8683

Upang mahanap ang iyong lugar ng botohan, bisitahin ang voterstatus.sos.ca.gov o i-text ang salitang "Vote" sa GoVote (468-683).

Upang mahanap ang impormasyon tungkol sa iyong pagpaparehistro bilang botante sa ibang impormasyon tungkol sa mga halalan na may kaugnayan sa iyo, bisitahin ang voterstatus.sos.ca.gov.

Ang Kalihim ng Estado ay nagkakaloob ng tulong sa botante sa 10 wika:

**English** (800) 345-VOTE (8683)

中文 **/Chinese** (800) 339-2857

हिंदी **/Hindi** (888) 345-2692

日本語 **/Japanese** (800) 339-2865

ខ្មែរ **/Khmer** (888) 345-4917

한국어 **/Korean** (866) 575-1558

**Español/Spanish** (800) 232-VOTA (8682)

**Tagalog** (800) 339-2957

ภาษาไทย **/Thai** (855) 345-3933

**Việt ngữ/Vietnamese** (800) 339-8163

★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★

RegisterToVote.ca.gov

**californiasos**

**casosvote**

**californiasos_**

**californiasos**

★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★

Kalihim ng Estado ng California Shirley N. Weber
www.sos.ca.gov
Tagalog